DEPARTMENT OF HOMELESSNESS AND SUPPORTIVE HOUSING

Shireen McSpadden, Executive Director

London Breed, Mayor

# Mga Madalas Itanong (FAQ)
# 1174 Folsom

### Ano ang panukalang proyekto sa 1174 Mission Street, sino ang mapaglilingkuran nito?

Ipinapanukala ng HSH na bilhin ang property sa 1174 Folsom, kung saan may 42 unit na gagamitin para sa Permanenteng Pansuportang Pabahay para sa mga na kabataang nasa hustong gulang. Ang 1174 ay magiging pangmatagalang abot-kayang pabahay na may mga panlipunang serbisyo sa site. Layunin ng mga serbisyo sa lugar (onsite services) na tulungan ang mga nangungupahan na makapagpanatili ng pabahay. Ang property sa 1174 Folsom ay magkakaroon ng 24 na oras na kawani sa reception, tagapamahala ng property, at mga pansuportang serbisyo na ipagkakaloob ng isang napiling nonprofit na tagabigay ng serbisyo.

### Ano ang Permanenteng Pansuportang Pabahay?

Ang Permanenteng Pansuportang Pabahay (Permanent Supportive Housing, PSH) ay abot-kayang pabahay na may mga pangsuportang serbisyo, kung saan may sariling yunit at sariling kontrata sa pagpapaupa ang mga nangungupahan.

### Paano napili ang tagabigay ng serbisyo?

Pipili ang HSH ng nonprofit na partner para patakbuhin ang programa at magbigay ng mga panlipunang serbisyo sa site. Pipiliin ang non-profit na tagabigay ng serbisyo sa pamamagitan ng isang competitive na proseso.

### Ano ang naging proseso sa pagpili sa lokasyong ito?

Natukoy ang property sa ilalim ng HSH RFI para sa mga property ng TAY. Binigyan ng priyoridad para bilhin ang lokasyong ito pangunahing dahil sa lokasyon, kalidad, mga amenity, at kwalipikasyon para sa posibleng pagpopondo ng Homekey.

### Para saan ginagamit ang kasalukuyang site? Kung may mga kasalukuyang nangungupahan dito, ano ang mangyayari sa kanila?

Pangunahing ginagamit ang gusali bilang mixed-use space. Kasama sa lokasyon ang 3 espasyo para sa tindahan at 1 espasyo para sa opisina kasama ng mga espasyo para sa tirahan. May ilang kasalukuyang nangungupahan na may mga pansamantalang kontrata sa pagpapaupa. Dahil sa mataas na turnover, inaasahang mababakante ang malaking bahagi ng gusali sa panahon ng pagbili rito. Gagawa ang HSH ng plano sa paglilipat para tugunan ang paglilipat ng anumang kasalukuyang residente.

### Ano ang timeline para sa proyektong ito?

| Aksyon | Petsa |
|---|---|
| Pakikipag-ugnayan sa Komunidad | Pebrero 2023–Tag-init 2023 |
| Pag-apruba ng Board of Supervisors | Hunyo 2023 |
| Pagpili ng Tagabigay ng Serbisyo (Provider) | Tag-init 2023 |
| Aplikasyon para sa Homekey | Tagsibol/Tag-init 2023 |
| Tapos na ang Pagbili | TBD |
| Pagsisimula ng Operasyon | TBD |

440 Turk Street
San Francisco, CA 94102

628.652.7700
hsh.sfgov.org